ELECTIONS BC
A non-partisan Office of the Legislature

# Mga panuntunan upang matukoy ang tirahan para sa mga layunin ng *Batas sa Eleksyon*

Upang magrehistro bilang isang botante sa probinsiya ng British Columbia, dapat ay nakatira ka sa B.C. ng anim na buwan. Itinatakda ng *Batas sa Eleksyon* ang mga patakaran sa kung aling address ang gagamitin para sa pagboto.

**Ano ang tirahan o residence?**
Ang iyong tirahan ay ang tahanan mo. Ito ang lugar kung saan ka nakatira at kung saan ka umuuwi kapag umaalis ka. Sa ilalim ng *Batas sa Eleksyon*, maaari ka lamang magkaroon ng iisang tirahan (residence) bawat beses, at ang iyong address ay hindi magbabago hanggang lumipat ka ng bagong tirahan.

Ang iyong address na tinitirhan ay tinutukoy ding iyong home address, pisikal na address, o civic address. Hindi mo maaaring gamitin ang address ng iyong trabaho o postal address bilang iyong tirahan.

Kung tumatanggap ka ng sulat sa isang address na naiiba sa address na iyong tinitirhan, kailangan mong ibigay nang hiwalay ang address na iyon na padadalhan ng sulat.

**Pansamantalang pagliban**
Ikaw ay itinuturing pa rin na isang resident kung ikaw ay pansamantalang umalis upang magbiyahe, mag-aral, magtrabaho, o magserbisyo sa militar, o kung sinasamahan mo ang iyong asawa, anak o magulang sa labas ng B.C.

**Mga mag-aaral**
Ang iyong tirahan ay maaaring sa kung saan ka tumitira kapag nasa paaralan ka, o sa iyong permanenteng address (tulad ng address ng iyong magulang).

**Mga correctional inmate o nakakulong sa preso**
Hindi mo maaring gamitin ang correctional institution bilang iyong tirahan. Maaari mong gamitin ang iyong dating address o address ng iyong asawa, magulang, o dependent. Maari mo ring gamitin ang lugar kung saan ka inaresto, o ang hukuman kung saan ka na nahatulan.

**Walang permanenteng tirahan**
Kung ikaw ay homeless, maaari mong gamitin ang iyong pinakahuling permanenteng address, ang address kung saan ka pansamantalang naninirahan, o address ng isang shelter, hostel o katulad na institusyon kung saan ka kumakain, natutulog, o tumatanggap ng social services.